HALALAN 2022

www.vote.ca.gov

MADALIANG IMPORMASYON

BOTO CALIFORNIA

CaliforniaSOS

CaliforniaSOS_

CASOSvote

Californiasos

Paano ako magpaparehistro para bumoto?

Para magparehistro para bumoto sa California, ikaw dapat ay:

- Isang mamamayan ng United States at residente ng California;
- 18 taong gulang o mas matanda sa Araw ng Halalan;
- Hindi kasalukuyang sumasailalim sa isang termino sa pang-estado o pederal na bilangguan o sa pagkakahatol ng isang felony; at
- Hindi kasalukuyang naituring ng isang hukuman bilang walang mental na kakayahan para bumoto.

Kung kwalipikado ka, magagawa mong magparehistro para bumoto o i-update ang iyong pagpaparehistro online sa **registertovote.ca.gov.** Kung gusto mong sumagot sa isang pisikal na form, may mga aplikasyon para sa pagpaparehistro bilang botante sa mga post office at library.

Kailangan mong magparehistro ulit para bumoto kung ikaw ay lilipat, magpapalit ng iyong pangalan, o magpapalit ng iyong gustong politikal na partido.

Puwede ba akong mag-preregister para bumoto sa California?

Oo, para mag-preregister para bumoto sa California, ikaw dapat ay:

- 16 o 17 taong gulang; at
- Nakakatugon sa lahat ng iba pang kinakailangan sa pagiging kwalipikado para bumoto.

Pagkatapos mag-preregister, awtomatiko kang irerehistro para bumoto sa iyong ika-18 kaarawan. Pumunta sa **registertovote.ca.gov** para mag-preregister para bumoto.

Paano kung kailangan kong tingnan ang aking status ng pagpaparehistro ng botante?

Para tingnan ang iyong status ng pagpaparehistro ng botante - kabilang ang politikal na partido - puwede mong gamitin ang tool na "My Voter Status" (Status Ko Bilang Botante) sa **voterstatus.sos.ca.gov.** Puwede mo ring tawagan ang aming Hotline ng Botante sa (800) 339-2957 para sa iyong status.

Paano kung kailangan ko ng impormasyon ng botante sa ibang wika?

Ang impormasyon ng botante sa buong estado ay available sa 10 wika. Bisitahin ang **https://www.sos.ca.gov/elections/voting-resources/voting-california/tagalog.** Makipag-ugnayan sa opisyal ng mga halalan sa iyong county para alamin kung anong mga wika posibleng available ang mga lokal na impormasyon.

Paano kung hindi ako umabot sa deadline sa pagpaparehistro ng botante?

Kung hindi ka umabot sa deadline para magparehistro para bumoto nang 15 araw bago ang isang halalan, puwede ka pa ring pumunta sa opisina ng mga halalan sa iyong county, sentro ng pagboto, o lugar ng botohan sa o bago ang Araw ng Halalan para kumpletuhin ang kundisyonal na proseso sa pagpaparehistro ng botante (na kadalasang tinatawag na "Pagpaparehistro ng Botante sa Parehong Araw"). Kakailanganin mong punan ang isang card sa pagpaparehistro ng botante at mabibigyan ka ng balota. Kapag na-verify na ng mga opsiyal ng mga halalan sa county ang iyong pagpaparehistro bilang botante, mabibilang ang iyong boto. Makipag-ugnayan sa opisyal ng mga halalan sa iyong county para sa higit pang impormasyon o bisitahin ang **vote.ca.gov.**

Kailan ko matatanggap ang aking gabay sa botante?

Ang mga nakarehistrong botante ay makakatanggap, sa koreo, ng kanilang non-partisan na pang-estadong Gabay sa Impormasyon ng Botante mula sa opisina ng Kalihim ng Estado ilang linggo bago ang Araw ng Halalan. Magiging available din online ang pang-estadong Gabay sa Impormasyon ng Botante sa **voterguide.sos.ca.gov**. Ang mga opisina ng mga halalan sa county ay magpapadala rin sa koreo ng Gabay sa Impormasyon ng Botante sa mga botante. Ang mga gabay sa botante ng county ay magsasama ng impormasyon tungkol sa kung saan at kung paano boboto, pati na rin isang sample na balota.

Kailan ko matatanggap ang aking balota?

Ang mga opisyal ng mga halalan sa county ay magpapadala ng balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa lahat ng aktibong nakarehistrong botante para sa bawat halalan, kung nakapagparehistro sila bago ang deadline sa pagpaparehistro ng botante. Para sa Nobyembre 8, 2022, Pangkalahatang Halalan, ang mga county ay magsisimulang magpadala sa koreo ng mga balota simula Oktubre 10, 2022.

Puwede ko bang subaybayan ang aking balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo?

Oo! Ang Where's My Ballot? ay nagbibigay-daan sa mga botante na subaybayan ang at tumanggap ng mga notification tungkol sa status ng kanilang balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo. Mag-sign up sa **WheresMyBallot.sos.ca.gov** para tumanggap ng mga awtomatikong notification sa email, SMS (text), o voice call tungkol sa iyong balota.

Paano gumagana ang pang-buong estadong top two primary ng California?

Napagpasyahan sa Hunyo 7, 2022 na Primaryang Halalan kung sinong mga kandidato ang lalabas sa balota ng Nobyembre 8, 2022 na Pangkalahatang Halalan. Sa top two primary na sistema ng California, ang dalawang kandidato, alinman ang gustong partido, na makakatanggap ng pinakamaraming boto sa bawat primaryang labanan ay magpapatuloy sa pangkalahatang halalan. Pagkatapos ng isang top two primary, magkaroon dapat ng pangkalahatang halalan kahit na ang isang kandidato ay makakatanggap ng mahigit 50 porsyento ng mga boto o kahit na may isang kandidato lang sa primary.

Ang top two primary na sistema ay hindi nalalapat sa opisina ng State Superintendent of Public Instruction o sa mga kandidatong tumatakbo para sa sentral na komite ng county o sa mga lokal na katungkulan.

Paano kung kailangan ko ng pamalit na balota o kailangan ko ng emergency na balota?

Kung hindi mo matanggap ang iyong balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo o nawala o nasira mo ang iyong orihinal na balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo, at hindi ka na personal na makakapagboto sa mga botohan, puwede kang mag-apply sa sulat para sa isang huli nang balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo. Ikaw o ang iyong kinatawan ang dapat personal na magbigay ng aplikasyong ito sa opisyal ng mga halalan sa county. Mahahanap ang aplikasyon para sa huli nang balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa **elections.cdn.sos.ca.gov/vote-by-mail/pdf/late-vote-by-mail-application.pdf.**

Paano ko maibabalik ang aking balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo?

Maaari mong ibalik ang iyong balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa pamamagitan ng:

- Pagpapadala nito sa koreo sa opisyal ng mga halalan sa iyong county (naselyuhan dapat ito sa o bago ang Araw ng Halalan at matanggap ng opisina ng mga halalan sa iyong county nang hindi lalampas sa 7 araw pagkatapos ng Araw ng Halalan);
- Paghulog ng iyong balota sa isa sa mga drop box ng balota sa iyong county, o sa isang lokasyon ng pag-drop off ng balota, drop box ng balota, o sa isang lokasyon ng botohan saanman sa estado; o
- Paghiling sa isang taong pinagkakatiwalaan mo na ibalik ang balota para sa iyo, basta't hindi sila babayaran para sa bawat balota.

Gaano kaaga ako puwedeng bumoto?

Maaaring mag-alok ang iyong county ng mga lokasyon ng maagang pagboto bago ang Araw ng Halalan. Para sa isang listahan pumunta sa **vote.ca.gov.** Para sa Nobyembre 8, 2022 na Pangkalahatang Halalan, ang mga balota ay ipapadala sa koreo sa bawat aktibong botanteng taga-California pagsapit ng Oktubre 10, 2022. Para tiyaking mabilang ang iyong balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo, dapat itong maselyuhan sa o bago ang Araw ng Halalan at matanggap ng opisina ng mga halalan sa iyong county nang hindi lalampas sa 7 araw pagkatapos ng Araw ng Halalan.

Paano ko mahahanap ang aking lugar ng botohan o sentro ng pagboto?

- Tingnan ang likod ng iyong Gabay sa Impormasyon ng Botante ng county para sa iyong lugar ng botohan, mga sentro ng pagboto, o mga lokasyon ng pag-drop off ng balota
- Makipag-ugnayan sa opisina ng mga halalan sa iyong county
- Tawagan ang Hotline ng Botante ng Kalihim ng Estado - (800) 339-2957 o bisitahin ang **voterstatus.sos.ca.gov**
- I-text ang 'VOTE' sa 'GOVOTE' (468-683)

Secure ba ang aking boto?

Oo, nalalampasan ng California ang mga Pederal na kinakailangan para sa seguridad ng halalan. Ang bawat boto ay dapat mai-cast sa isang papel na balota o mayroong voter verified paper audit trail. Ang kagamitan sa pagboto na gagamitin para mag-cast at magbilang ng balota ay dapat sertipikado para gamitin sa California at pananatilihing offline. Ang mga opisyal ng halalan ay nagsasagawa ng mga pag-audit pagkatapos ng halalan, kabilang ang isang manu-manong pagbibilang ng mga sample na balota, pagkatapos ng bawat halalan para tiyakin ang katumpakan at integridad ng bilang ng boto. Ang mga botante ay makakahanap ng opisyal, mapagkakatiwalaang impormasyon sa halalan pati na rin matuto pa tungkol sa aming mga pag-iingat sa seguridad ng halalan, at mga pagsisikap sa cybersecurity sa **vote.ca.gov.**

Paano ko malalaman na nabilang ang balota ko?
Puwede kang pumunta sa "My Voter Status" para alamin kung nabilang ang iyong balota at kung hindi, subukan sa **voterstatus.sos.ca.gov.**

Paano ako makakakuha ng mga up-to-the-minute na resulta sa halalan?

- Ang mga bilang ng boto sa halalan sa buong estado ay mahahanap sa **electionresults.sos.ca.gov**
- I-follow kami sa Twitter @CASOSvote
- Mag-sign up para sa mga E-update sa **https://goo.gl/BB7zb4**

Nobyembre 8 | Pangkalahatang Halalan

Magparehistro para Bumoto.....Okt 24
Kundisyonal na Pagpaparehistro ng Botante.....Okt 25-Nob 8
Ibalik ang balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo.....Nob 8

Ang mga balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo ay dapat maselyuhan sa o bago ang Nobyembre 8, 2022, at matanggap ng mga opisina ng mga halalan sa county nang hindi lalampas sa Nobyembre 15, 2022.

REGISTERTOVOTE.CA.GOV

PARA MAHANAP ANG IYONG LUGAR NG BOTOHAN
I-TEXT ANG 'VOTE' SA 'GOVOTE' (468-683)